

1

“Class, you will be having a new classmate...” deklara ni Professor Emy Reyes sa mga freshmen students na kumukuha ng Journalism sa *University of Santo Tomas*.

“Ma’am, maganda ba?” tanong ni JC, ang isa sa mga notorious sa klaseng iyon na nakaupo sa likuran.

“Oo, maganda siya,” kumpirma ng propesor na na-meet na ang estudyante na kasalukuyang kinakausap ng dean.

“Sexy po ba, Ma’am?” dagdag pang tanong ni Ryan, ang kabarkada ni JC na katabi rin nito.

“Hmm...medyo...chubby...” hindi malamang sagot ni Prof. Reyes. “Class, be nice to her ah,” paalala nito.

Ilang sandali pa ay dumating na ang kanilang pinag-uusapan. At nakumpirma nga nila ang naging description ng professor, maganda nga ang mukha ng bagong estudyante pero may kalakihan ang pangangatawan.

“Good morning to everyone, I am Cristina Castro. I am 18 years old and I live in Makati...”

pakilala niya na medyo nase-self-conscious.

“What can we call you, Miss Castro?” tanong ng kanilang guro.

“You can call me Tin-Tin...” tugon niya.

“So, Tin-Tin, what are your hobbies or interests?” tanong nitong muli.

“I am interested in writing, reading books, fiction or non-fiction is fine with me. I also love to watch movies, preferably psychological drama types and politically-themed ones...”

“Oh what profound preferences you have,” ang obviously impressed na nasabi ni Prof. Reyes. “Ngayon pa lang, I can say that you will be a pleasure to have in my Literature class, for you seem to be one lady with vast knowledge in the written word...”

“Thank you very much, Ma’am, I do hope I won’t fail your expectations...” bitiw niya.

“Is there any vacant chair where Miss Castro can sit?” tanong ni Prof. Reyes habang tinitingnan ang punong classroom na may 48 students.

“Dito po, Ma’am, walang nakaupo,” sagot

The Last Time I'll Fall by Kimmi Gonzales

ni Adrian, ang isa sa mga kabarkada ng mga notorious na sina JC at Ryan na nakaupo rin sa likuran.

“Okay, Miss Castro, you can sit there, beside Mr. Mendoza at the back,” ang sinabi nito sa dalaga.

Making her way through the chair at the back she caught sight of the guy who had made the effort of offering that vacant seat for her and all of a sudden, she felt her heart beating so fast inside of her.

“Hi, I’m Adrian. It’s nice to meet you, Tin-Tin...” pakilala nito, while offering his hand and at the same time, flashing that gorgeous smile which seemed to light up his brown eyes.

“Uhm...h-hi...” Nahihiyang tinanggap ni Cristina ang kamay nito. Halos hindi niya ito magawang tingnan nang direktso sa mata. It had always been the case with her sa tuwing magkakagusto siya sa isang lalaki, sadyang binabalot siya ng matinding pagkahiya at pagkataranta.

As Prof Reyes went on with her lecture, ang normally very attentive na si Cristina ay

tila biglang lumipad ang isipan dahil sadyang nahihirapan siyang mag-concentrate as Adrian was just few feet away from her.

Pagkarating ng lunch time ay mag-isang naupo si Cristina sa isang table sa canteen habang pasimpleng pinagmamasdan ang mga kaklase na pawang nakaupo kasama ang kani-kanilang mga grupo. Gusto man niyang makitabi ay nahihiya naman siya dahil mukhang at home na at home na ang mga ito sa isa't isa. *Napakahirap talaga maging new student*, nalulungkot niyang isip.

“May nakaupo ba rito, Tin-Tin?” tanong ng isa sa kanyang mga kaklaseng babae na nakaupo sa may harapan ng classroom kanina habang siya ay nagpapakilala. She noticed her at once because of her striking mestiza features which really could make anyone take a second glance. “Puwede bang makitabi sa’yo?”

“Sure you can,” buong ngiti niyang pagtanggap na talaga namang naging masaya sa paglapit nito at sa wakas ay hindi na siya magmumukhang kawawa habang kumakain mag-isa.

The Last Time I'll Fall by Kimmi Gonzales

“By the way, I’m Micah Domingo,” pakilala nito matapos maibaba ang food tray na naglalaman lamang ng tuna sandwich at mineral water.

“It’s nice to meet you, Micah,” balik niya habang ine-extend ang kamay rito over her lunch of lasagna, sandwich and a dessert of leche flan.

“Bakit nga pala ngayon ka lang pumasok?” tanong nito matapos kumagat ng maliit sa sandwich nito.

“Nagbakasyon kasi ako sa States, sa lola ko. But she got sick kaya I had to extend my stay to take care of her. Noong bumuti-buti na ang lagay niya, doon lang ako nagkaroon ng chance na makauwi rito,” paliwanag ni Cristina.

“Oh, I see...” ang tanging nasabi nito. “By the way, mahilig ka ba sa volleyball? Part kasi ako ng volleyball team rito and we are looking for players. Baka gusto mong mag-try. Your height will be perfect for the sport...”

“Naku, hindi kasi ako athletic eh. Saka nakikita mo naman itong katawan ko, baka hingalin lang ako sa kakahabol ng bola,”

negatibong saad niya. Sadyang wala siyang kumpiyansa pagdating sa mga physical activities. “Sa totoo lang, hate na hate ko talaga ang PE. Kung puwede nga lang takasan ang PE sa college, ginawa ko na, kaso kailangan pa rin ‘yon para maka-graduate, eh.”

“Hindi ka pa lang kasi physically fit kaya hinihinal ka kaagad, pero kapag nakapag-training ka na, masasanay na rin ang katawan mo. May isa nga akong team mate noon na mas malaki pa sa’yo when she tried out but in the middle of the season, she lost so much weight. Kaya huwag kang mawalan ng pag-asa. This might be the perfect opportunity for you para makapagpapayat,” patuloy pang engganyo nito.

“Sige, pag-iisipan ko,” sabi na lang niya pero sa totoo lang ay wala talaga siyang balak. Alam kasi niya sa sarili na hindi niya linya ang sports at marami pa siyang ibang magagawa, which would be worth her while.

“May boyfriend ka na ba, Tin-Tin?” pag-iiba na ni Micah ng usapan habang muling kumakagat sa tuna sandwich nito.

“Boyfriend? Naku, wala! In fact, hindi pa

ako nagkaka-boyfriend sa buong buhay ko,” pagtatapat niya habang patuloy sa pagkain.

“Are you kidding?! Hindi ka pa nagkaka-boyfriend kahit kelan?!” bulalas ni Micah na para bang iyon na ang pinakakakaibang bagay na narinig nito.

Nakaramdam naman ng inferiority si Cristina. Sensitive siya pagdating sa bagay na iyon. In her whole life ay wala pa ni isang lalaking nag-attempt na manligaw sa kanya. At hindi na siya nagtataka. Alam naman niya sa sarili na malaki ang kinalaman ng kanyang pagiging overweight kaya walang lalaki ang nagkakagusto sa kanya.

“Yup, hindi pa. Because boys are only for pretty girls like you,” pahayag niya na pilit nagpalabas ng ngiti para hindi mahalata ang kanyang pagiging apektado.

Sasagot pa sana si Micah nang biglang lumitaw sa kanilang harapan si Adrian. At tulad na lamang ng pakiramdam ni Cristina nang una niya itong makita noong umaga, naramdaman niya ang biglang mabilis na pagtibok ng kanyang puso.

“Hi, Tin-Tin!” cool na pagbati sa kanya ni Adrian na muling ipinalabas ang ngiting nakakapanghina.

“H-hi!” ang tangi niyang naibalik; halos manigas siya sa kinauupuan.

Sinamahan sila ng binata sa kanilang lamesa at naupo ito sa tabi ni Micah.

“O nasaan na ‘yung mga sidekick mo? Himala, hindi mo yata kasama ngayon,” bati ng babae na ipinagpatuloy ang pagkain.

“Nandoon, may pinopormahang chick sa Fine Arts,” tugon nito habang inilalabas ang cellphone mula sa loob ng bag. “So ano, wanna see a movie with me tonight?”

Pagkarinig sa tanong na iyon ni Adrian kay Micah ay tila biglang gumuho ang kanyang mundo. *So pinopormahan niya pala si Micah... Ang taas naman kasi ng pangarap mo ‘no! Sa tingin mo ba talaga, may pag-asa ka sa isang lalaking tulad ni Adrian? pangaral niya sa sarili.*

“Hay naku, Adrian, kelan ka ba magsasawa ng kakatanong sa akin? May boyfriend na ako, okay?” diin ni Micah.

“Bakit? Movie lang naman ah, hindi naman

kailangang malaman ito ng boyfriend mo,” pilit nito na binitiwang na ang cellphone at ibinigay ang buong atensyon sa dalaga. “Just this once, please pagbigyan mo na ako...”

“Ang kulit mo, sinabi na ngang hindi puwede. Mahirap bang intindihin ‘yon?” Iritado na si Micah. “Bakit hindi ka na lang magyaya ng iba d’yan? Itong si Tin-Tin o, wala siyang boyfriend, bakit hindi na lang siya ang yayain mong manood ng sine?”

“O bakit naman pati ako nadamay d’yan sa usapan ninyo?” nasabi ni Cristina na sa totoo lang ay kanina pa naiilang sa kanyang kinalulugaran. It definitely was not easy to see the guy she was liking flirting with another girl.

“Naku, si Tin-Tin? Hindi mage-enjoy ‘yan sa company ko. She needs to go out with someone na kasing-smart niya para hindi siya ma-bore sa limited intellect ko...”

Kahit pa tila pina-flatter siya ni Adrian sa ginamit nitong mga salita ay alam niya kung ano talaga ang ibig nitong sabihin: na hindi ang tipo niya ang gusto nitong makasama. *Oh, well ganito talaga ang buhay. Girls like me*

can only dream about going out with gorgeous guys like Adrian... Masakit niyang tinanggap iyon sa kanyang puso.

Natapos ang breaktime at sila ay bumalik sa classroom para sa susunod nilang klase na History. At habang pinagmamasdan niya ang paglakad ng dalawa na sinadya niyang paunahin ay hindi niya maiwasang makaramdam ng inggit. *Kung maging kasing-ganda at kasing payat ko kaya si Micah, magustuhan rin kaya ako ni Adrian?*

Noong gabing iyon, matapos maghanda para sa birthday party ng kanyang Tita Sandra, ang nakababatang kapatid ng ina ay nag-aalangang lumabas ng kuwarta si Cristina para samahan ang naghihintay na pamilya sa living room.

“Ang tagal-tagal naming naghintay sa’yo tapos iyan lang ang isusuot mo?!” ang napataas-kilay na nasabi ng kanyang ina na si Mrs. Celestina Castro na as usual ay pusturang-pustura sa suot nitong red dress with stone embroidery on the neckline. “Why can’t you be like your sisters and wear something more appropriate for a party? Hindi ba ibinili kita ng dress noong

isang araw, bakit hindi mo isuot ‘yon?’”

“Hindi po kasi ako komportableng magdress, Mommy,” kimi niyang pagdadahilan.

“Bakit hindi ka kasi magpapayat at nang hindi ka naiilang magsuot ng dress! Tingnan mo ‘tong mga kapatid mo, they look presentable. Hindi katulad mo na para bang pupunta lang ng mall,” patuloy pa ng ina, who puts a premium on making everyone on her family look good.

“Pabayaan mo na lang si Tin-Tin, Sweetheart, eh sa pantalon at polo siya komportable. Saka isa pa, hindi naman engrandeng party itong pupuntahan natin, mga kapatid mo lang ang nandoon. I’m sure they wouldn’t mind kung nakakaswal lang ang mga bisita,” pagtatanggol ng kanyang amang si Atty. Johnny Castro. Ito ang nag-iisang kakampi ni Cristina sa kanyang pamilya. If her sisters were her mother’s pet, siya naman ang pet ng kanyang daddy with whom she shared a lot of common interests with like books and movies.

“Parati mo kasing kinukunsinte ‘yang anak mo kaya hindi na ‘yan natututong mag-ayos ng sarili niya,” reklamo ni Mrs. Castro na hindi na naman nagustuhan ang pagpanig na ginawa

ng asawa sa pangalawa sa tres marias na mga anak.

“Okay, sige na. Tara na at kanina pa naghihintay sa atin sina Sandra,” aya ng padre de familia sending them all out of the house habang sinasabayan ang nahuhuling anak sa likuran. “Huwag mo nang intindihin ‘yang mommy mo, malapit na kasi mag-menopause ‘yan kaya lahat na lang pinapansin,” bulong nito kay Cristina.

“Okay lang po ‘yon, Daddy, sanay na po ako sa kanya...” panigurado niya na kahit paano ay naibsan ang nanliliit na pakiramdam. Pero hindi pa rin niya maiwasang mangamba sa mga magiging tagpo kapag nakita na siya ng mga kamag-anak at muling ikumpara sa kanyang mga beauty queen material sisters. *Sana naman po Lord, mabilis na dumaan ang oras ngayong gabing ito nang makauwi na kaagad kami at hindi ko na kailangan pang sapitin ang pagi-scrutinize nilang lahat...*

Cristina’s mother Celestina is the eldest among her three gorgeous sisters, at ito ang ikinokonsidera na pinakamaganda. Dalaga pa

lamang ay sentro na ito ng atensyon saan man mapapunta. Kaya naman nang magkaanak ay gusto rin nitong maipasa ang distinction sa mga dalaga nito at hindi naman ito nabigo sa panganay na si Rissa at sa bunsong si Janina dahil namana rin ng dalawa ang striking mestiza features at graceful manners nito, making them just as noticeable as their mother. Pero nabigo ito sa pangalawang anak na si Cristina na sadyang naiiba ang itsura sa kanyang mga kapatid. Unlike her fair-skinned sisters, she was the dusky type having taken after her father's moreno complexion, at hindi tulad ng mapapayat na kapatid, may pagka-chubby ang dalaga na madalas nagiging tampulan ng biro at panunukso magbuhat nang bata pa siya. Dahil dito, hindi na nabuo ang self-esteem ni Cristina na nagdulot ng pagiging tahimik at distant nito sa mga tao.

“O, ito na ba si Cristina? Bakit para yatang naiiba siya sa mga kapatid niya,” taklesang pahayag ng tiyahin ng ina matapos niyang magmano rito pagkarating sa bahay ng kanyang Tita Sandra.

“Nagmana kasi ‘yan sa daddy niya, Castrong-Castro ang features. Hindi katulad nitong

aking panganay at bunso, hindi ba para kaming xerox copy ng isa't isa?" pagmamalaki nito sa dalawang anak na babae na para bang ang mga iyon lamang ang anak nito.

Kahit hindi na bago para kay Cristina ang sitwasyong ganoon na para bang inietsapuwersa siya ng sariling ina sa kanilang pamilya ay hindi pa rin niya maiwasang masaktan. Pakiramdam niya kasi, hindi siya matanggap ng ina.

Habang abala ang ginang sa pagmamalaki ng darling daughters ay nagsimula namang maglibot sa loob ng malaking bahay si Cristina na hinahanap ang pinsang si Louise na mas malapit pa sa kanya, kaysa sa sariling mga kapatid.

“Hoy, Tin-Tin!”

Paglingon niya ay nakita niya ang pinsan na may hawak nang plato na puno ng pagkain. Tulad ni Cristina ay may pagka-chubby rin si Louise at bukod sa common love for food, what really glued them together was the similarity of their experience having to grow up in a family which places such big importance in the aspect of physical beauty. At dahil hindi nga sila tulad ng kanilang mga traditionally gorgeous

cousins, hindi nila maiwasang ikonsidera ang kanilang mga sarili bilang mga outcasts sa kanilang angkan.

“Uy, kumuha ka na pala ng food. Teka, samahan mo muna akong kumuha rin,” hiling niya rito.

Habang nakapila sa buffet table ay nagsimula na ang kuwentuhan sa pagitan ng magpinsan na matagal-tagal ring hindi nagkasama buhat nang magsimula ang klase. Kung si Cristina ay first year Journalism student sa *UST*, si Louise naman ay second year B.S. Psychology student sa *Ateneo de Manila*.

“So kumusta naman ang first day mo sa college? Have you made friends?” tanong ni Louise. Her cousin knew she never had that many friends kahit noong mga bata pa sila.

“Meron naman, si Micah. She was the prettiest girl in class who approached and joined me at my table during lunchtime. Naawa siguro sa akin dahil mag-isa lang akong kumakain,” kuwento ni Cristina.

“Alam mo, girl, try to make an effort na i-befriend ‘yung mga classmates mo. Tigilan

mo na ‘yang pagiging masyado mong mahiyain. Madalas ka tuloy napagkakamalang suplada dahil bihira kang makipag-usap sa mga tao.” Louise happens to be just a year older than her but acts like her older sister.

“Sinusubukan ko naman kaso ang hirap ng sitwasyon ko. Late na akong pumasok so ‘yung mga classmates ko, nakabuo na sila ng mga grupo-grupo. Ang hirap namang basta na lang makisali sa kanila, di ba?” pagrarason niya habang umaandar ang pila.

Ilang sandali ring naantala ang kanilang kuwentuhan nang dumating na ang turn ni Cristina para mamili ng pagkain sa buffet table. Nang makontento sa nakuha ay lumabas sila ng bahay at naghanap ng mapupuwestuhan sa bakuran kung saan ay nakalatag ang mga mesa.

“Meron ka bang nakitang potential bf among your classmates?” tanong ni Louise nang makahanap na sila ng puwesto malayo sa iba pa nilang kamag-anak. So they could talk privately.

“Hindi naman potential bf ‘no, but there was someone who caught my attention...” walang pag-aalinlangan niyang pagbubukas

na sadyang komportable nang ilabas ang mga ganoong klase ng bagay rito.

“Talaga? So what’s his name? Ano’ng itsura niya?” dire-diretsong tanong nito na labis na naintriga sa ibinalita ng pinsan.

“His name’s Adrian and he looks like the typical heartthrob sa school. Matangakad, mestizo, may pagka-athletic ang dating and he really looks good, super guwapo, ‘yung mata niya parang nagla-light up sa tuwing ngingiti siya. He’s making me melt!” excited na paglalahad niya. Sa kauna-unahang pagkakataon ay nagawa na ring i-enjoy ang kanina’y miserable niyang gabi.

“Kinausap mo ba? Baka mamaya, bigla ka na namang tumupi tulad nang madalas mangyari sa’yo noong high school tayo sa tuwing makakausap mo ‘yung mga crushes mo. Alalahanin mong college ka na, girl. Act more sophisticated and womanly,” muling payo nito.

“Aaminin ko, hindi ko pa rin maiwasan kung minsan na manigas sa tuwing nakikita ko siya but he’s been very nice. He even offered the vacant seat beside him nang maghanap ako ng

mauupuan kanina. At sa tuwing makikita niya ako, he never fails to say hi to me...”

“Tapos, ngingiti ka lang na para bang gusto mo kaagad mawala sa harapan niya?” naparolyo ang mga matang nasabi ni Louise. Ganoon ang mga tagpong madalas mangyari noong sila ay high school pa sa tuwing makakasalubong nila ang mga naging crush ni Cristina. “Alam mo, girl, kung patuloy kang magiging ganyan, hindi ka talaga magkaka-boyfriend. Marami man ang magkagusto sa’yo, wala ring makakalapit dahil napakailap mo!”

“Ewan ko ba, I just clam up sa tuwing makakaharap ko ‘yung crush ko. I get so self-conscious and stiff and I couldn’t look them in the eyes. Hindi ko nga alam kung bakit ako ganito eh. I can be confident talking in front of the people about books and sharing my opinion about things that I know, but when it comes to guys, wala na, I just lose it. Bigla na lang kung ano-ano’ng pumapasok sa isip ko—na baka pinagtatawanan nila ako dahil ang taba-taba ko o masyadong masikip ‘yung suot ko. Minsan natatakot ako na baka madapa ako sa harapan nila. Kinakain talaga ako ng pagiging self-conscious ko!”

“Girl, you need to develop ‘yung self-confidence mo. We may not be as slim as the others pero meron tayong mga bagay na wala sa iba. Ikaw, you are a terrific writer and you’re very smart, that’s what you should capitalize on instead of wallowing in self-pity dahil hindi natin katulad ang mga *blessed* nating kamag-anak.” Nagkaroon din ng inferiority complex si Louise dahil na-expose sa isang mundo kung saan pumapaligid ang magagandang nilalang. “Sa totoo lang, noong nag-college ako, ang laki ng itinaas ng tiwala ko sa sarili ko. Palibhasa, nakakawala na sa isa pang cruel world which is high school. I began to appreciate myself for who I am, nakita ko ‘yung strengths ko at doon ako nag-capitalize. And at the same, I am also trying my best para i-workout ‘yung weaknesses ko to help me become a more well-rounded and complete person.”

“Sana nga mangyari rin sa akin ‘yan, I really want to get out of my shell!” sambit ni Cristina matapos sumubo ng paella.

“Huwag kang mag-alala. In time, mangyayari rin ‘yan...” paga-assure sa kanya ni Louise.

As they were busy chatting, bigla namang

The Last Time I'll Fall by Kimmi Gonzales

dumating ang Ate Rissa ni Cristina na nagsabing bilisan nila ang pagkain dahil malapit na ang picture taking. Nagkatinginan na lamang ang dalawa na pawang nawalan ng gana para sa bahaging iyon ng party dahil magiging awkward na naman ang kanilang pakiramdam as they felt like they were the ugly ducklings joining their swan relatives.

“Here’s where their fun begins,” napasimangot na sabi ni Cristina. Ang mage-enjoy lamang doon ay ang mga kamag-anak, lalo na ang ina at mga kapatid.

“Ano ka ba, girl? Chin up! We are beautiful in our own way,” pagpapalakas ni Louise sa kanilang loob.

Pinilit ni Cristina na damhin ang mga salita nito pero sadyang nananaign ang kanyang matinding negatibong persepsiyon sa sarili. *I just wish this would end soon so we can go home...*

Kinabukasan, sa kanilang Psychology class ay doon pa rin napaupo si Cristina sa tabi ni Adrian. Iyon na pala ang kanyang designated seat. Although she was delighted with the idea

The Last Time I'll Fall by Kimmi Gonzales

that she would be sitting close to her crush again, a part of her was a bit hesitant knowing that it would only lead to another day of losing her focus towards their lecture.

No, Cristina you have to remain focused, you can't allow his presence to take over you... pangaral niya sa sarili.

“Ayan na si Ma’am,” tila excited na nasabi ni Adrian na inaantabayanan ang pagpasok ng isang babaeng tila nabibilang sa catwalk at hindi sa classroom. She looked like a fashion model with her long, silky straight black hair and lithe body. If not for the eyeglasses, no one would ever believe that she is a Psychology professor. “Yan ang Psych prof natin, si Miss Vera. Hot, di ba?” bulong sa kanya ni Adrian.

He really has the penchant for this kind of women—tall, slim and beautiful. In other words, wala ako sa kalingkingan nila, ang dismayadong isip ng dalaga na inilabas na lamang ang kanyang notebook at nagpasyang tigilan na ang masyadong pagpapantasya kay Adrian at mag-concentrate na lamang sa pag-aaral.

“I heard we have a new student here,” panimula ni Miss Vera nang tumayo ito sa

harapan ng klase. “Can you raise your hand please?”

Hindi na kinailangan pa ni Cristina na gumawa ng effort na itaas ang sariling kamay dahil si Adrian pa mismo ang nagtaas niyon. “Here she is, Ma’am. Her name’s Cristina Castro...” deklara nito na para bang nagpapakilala ng kandidato sa isang miting de avance.

“Oh welcome, Miss Castro. I can see that you have already found yourself a campaign manager in Mr. Mendoza,” komento ng propesora na nagbunsod ng tawanan mula sa buong klase.

Nang maibaba ang kanyang kamay ay napansin ni Cristina ang pamumula ng pisngi ng hinahangaang kaklase. *Oh, he’s still so cute kahit napapahiya na siya!* kinikilig niyang isip.

“Okay. For today’s activity, we will all be getting to know each other and ourselves,” anito. “I want you to pair up with the person sitting beside you as you discuss about each other’s lives. I want that at the end of this session you will have a better understanding of your intra and interpersonal relationships...”

The Last Time I'll Fall by Kimmi Gonzales

“Hey, partner,” pagharap sa kanya ni Adrian. “Humanda ka na dahil mamaya, malalaman ko na ang iyong deepest darkest secret...”

Kahit biro lamang iyon, hindi pa rin maiwasan ni Cristina ang ma-paranoid. *What if he sees through me? What if he discovers that I have a crush on him?*

“So let’s begin,” panimula nito habang inihahanda ang papel at ballpen. “What’s your full name?”

“Cristina Angelica Castro,” sagot niya na inihanda na rin ang sariling papel. “Ikaw, what’s your full name?” Pakiramdam niya noong mga sandaling iyon ay hinahabol niya ang kanyang hininga.

“I am Adrian Patrick Mendoza, 18 years old. I live in Greenhills, San Juan...” dire-diretsong bigay nito ng impormasyon ukol sa sarili.

“Are you the eldest or youngest child in your family?” tanong niya na halos hindi na naman ito matignan nang direktso sa mata.

“Hulaan mo,” mapaglarong balik nito.

“Hmm... youngest?” hula niya base sa happy-go-lucky nature na kadalasang characteristic

ng mga bunsong anak.

“Galing mo ah, bunso nga ako. Actually, dalawa lang kaming magkapatid. Mayroon akong elder brother, si Kuya Robert...” pagsagot nito. “How about you? Hmm... hulaan ko. You are the eldest, tama ba ako?”

“No, I’m a middle child,” kumpirma niya. “I have two other sisters, beautiful sisters...” hindi niya maiwasang idagdag, her inferiority complex becoming apparent.

“Bakit beautiful ka rin naman, ah!”

“Naku, puwede ba huwag ka nang mambola d’yan!” Hindi niya magawang seryosohin ito. Pakiramdam niya ay pinagtitripan lamang siya nito.

“Hindi nga. Seryoso ako, maganda ka, Cristina. In fact you’ve got one of the most beautiful faces here...”

Napatingin siya bigla sa mukha ng kausap, trying to see any trace ng pagbibiro rito. Pero wala siyang nakita, all she saw was a serious expression and his eyes that seemed to be full of sincerity. Doon na mas umatake pa ang kanyang hiya as she felt her cheeks burning.

“Okay so... uhm, kumusta naman ang relationship mo sa parents mo? Ikaw ba ‘yung tipong mama’s boy?” pagbabalik na niya rito ng topic sa pagnagusto na matakasan ang matinding discomfort.

“Well, I guess so. Aminado akong spoiled ako kay Mommy na parating nagiging dahilan ng arguments nila ng Daddy ko dahil parati daw akong kinukunsinte ni Mommy kaya hindi ako tumino...”

“Really? Pareho pala tayo eh, ako naman super daddy’s girl ako. Siya ‘yung tagapagtanggol ko kay Mommy na walang alam kundi ikumpara ako sa mga gorgeous kong sisters, na madalas nagbubunga ng arguments sa pagitan nilang dalawa,” pagse-share niya na masayang nalaman na mayroon pala silang similarity.

“Paanong ikumpara?” naintrigang tanong nito sa kanya.

“Like sa pagdadamit ko, Gusto ng mommy ko, I dress up in the same manner as my sisters na madalas naka-skirt or dress—which is impossible dahil masyado naman akong malaki para magganoong damit. Masyadong vain kasi ang mommy ko, she puts such a premium

on looks. Wala na siyang ginawa kundi ang pintasan ang itsura ko...”

“It must be really difficult growing up with a mother like yours,” sympathetic na nasabi nito.

“Sinabi mo pa. Torture talaga, but I have my dad naman para ipagtanggol ako. Siya lang ang nag-iisang kakampi ko sa pamilya namin. Ikaw, kumusta naman ang relationship mo sa daddy mo? What kind of parent is he? Disciplinarian ba siya? Strict?” tanong niya na unti-unti na ring nakakapag-relax sa pakikipag-usap sa kanyang crush matapos makahanap ng maraming similarities sa kanilang dalawa.

“Oh yeah, he’s so strict and such a disciplinarian. Hitler nga ang tawag ko d’un eh,” kumpirma nito. “Tulad mo, parati rin niya akong ikinukumpara sa kuya ko na napakaperpekto!”

“I suppose hindi ka rin close sa kuya mo...” nasabi ni Cristina base na rin sa naging tono ng pananalita nito ukol sa kapatid.

“Mahirap yatang mangyari ‘yon for we are two totally opposite personalities. He’s the

serious type na wala nang alam kundi ang mag-aral. He doesn't know how to have fun—na siya namang forte ko...”

“Okay, class, please wrap up your interviews and prepare yourselves for the sharing that we will be conducting later on...” anunsyo ng kanilang professor.

Habang ino-organize ng dalawa ang kanilang mga nakalap na impormasyon sa isa't isa, Cristina realized that although it might not seem obvious on the surface, they actually have so many things in common. Nalaman niya rin na hindi man siya ang tipo na agad nagbubukas ng sarili sa ibang tao, nagawa niya iyon kay Adrian, and it made her even feel good about herself. Para bang malaking parte ng kanyang pagkatao ang na-liberate sa maikling panahon na nagkausap sila. *This may be the reason why God had introduced us to each other, so that two people who have similar lives could come to know that they are not alone in this world...*

“Himala, you are actually taking an interest on clothes and makeup. Mukhang malakas nga yata ang tama mo d'yan sa Adrian na

The Last Time I'll Fall by Kimmi Gonzales

‘yan ah!” komento ni Louise nang magyaya si Cristina na mag-shopping sila nang hapong iyon. Naroon sila sa Glorietta. Normally, an after-school meeting like that in a mall would lead to a trip to the bookstore or a movie. Pero noong hapong iyon ay hindi iyon ang interes ni Cristina.

“Louise, hindi ko na nga rin alam kung ano ba itong nangyayari sa akin, eh. I don’t know what is it with this guy at ganito na lang ang epekto niya sa akin. It’s like I am becoming a new person whenever I talk to him. He was the only one who was able to make me feel that I am beautiful...” tahasang bahagi ni Cristina na noong mga sandaling iyon ang pakiramdam ay tila lumulutang siya sa ulap.

“Oh girl, you are really falling for the guy...” napangiting nasabi ni Louise sa gitna ng pagtingin ng mga damit sa isang boutique na kanilang pinasukan.

“Hindi ko maiwasan, eh, he’s very nice and friendly. He makes me feel really special. In fact siya ang only guy who has ever made me feel this way...” pagtatapat niya. “Pero hindi ako umaasa na magugustuhan niya rin ako in

the same way that I like him, parang suntok sa buwan naman kasi ‘yon eh.”

“Bakit naman suntok sa buwan? Ikaw na rin ang nagsabi that he made you feel beautiful. The guy clearly sees something in you,” pagdiin ni Louise.

“Alam ko kasi ang tipo niya ay ‘yung mga model types and I am not that kind of girl...”

“Kapag tinamaan naman ang isang tao ‘yang mga type-type na ganyan, naglalaho ‘yan. All that matters is the feelings, the connection...”

“Kung sa connection, I think meron kami niyan.” That realization gave her confidence. “And why not use this thing as a way to improve myself. Puwede ko ‘tong gawing inspiration to seriously lose weight at ayusin ang sarili ko...” biglang pasok ng ideya sa isip niya.

“I think that’s a good idea, you will not only impress the guy but more so, maitataas mo rin ang iyong self-esteem,” pagsang-ayon ng pinsan.

“Kaya maghintay lang ‘tong damit na ‘to because I will be coming back months from now at magagawa ko na ring magsuot ng

The Last Time I'll Fall by Kimmi Gonzales

ganito,” pointing to a sexy, spaghetti-strapped top bago tuluyang lumabas ng boutique with a renewed spirit and motivation to improve her appearance.

2

“So, hija, kumusta naman ang school mo?” inquire ni Mr. Castro sa paboritong anak na si Cristina na nananahimik habang nagdadaldalan ang lahat sa mesa noong umagang iyon sa kanilang breakfast.

“Uhhh... okay naman po. I’m getting along well with my classmates at nage-enjoy naman po ako sa class namin,” sagot niya. Weird ang feeling na biglang nanahimik ang lahat nang magsalita siya na para bang hindi nila gusto na makibahagi siya sa usapan.

Pero hindi pa huminto ang ama doon, he went on inquiring about the life of her timid daughter in school. “How about school activities? Ano na ba’ng nasalihan mo?”

“I am planning to join the school paper, I am going to try out po later after class...” naiilang niyang paalam na sinisimulan nang ihanda ang sarili sa magiging reaksyon ng mga kapatid at ina.

“That’s a great idea, hija, you’ve always been very good in writing. Dapat mong hasain ‘yan,” encourage ng ama.

The Last Time I'll Fall by Kimmi Gonzales

At tulad ng inaasahan ni Cristina, agad na sumingit ang kanyang ina na inagaw mula sa kanya ang atensyon ng ama nang ipinaalam nito ang tungkol sa pagsali ng kanyang mga kapatid sa beauty pageant sa kani-kanilang mga eskwelahan. It was definitely hurting her dahil hindi niya maintindihan kung bakit tila nakikipagkumpetensya pa sa kanya ang sariling ina. Na para bang hindi nito gusto na magkalapit sila ng ama. *Ano ba'ng nagawa kong mali at ganito na lang ang treatment sa akin ng mommy ko? Bakit ba napakalayo ng loob niya sa akin? Hindi kaya ampon lang ako?*

Kahit nakapasok na siya sa eskwela ay daladala pa rin ni Cristina ang sakit ng kalooban na idinulot ng pagtrato sa kanya ng ina noong umaga sa hapag-kainan. Kahit si Adrian ay napansin iyon.

“O bakit para yatang malungkot ka ngayon?” puna nito nang makaupo siya sa kanyang puwesto sa tabi nito.

“Ha? Wala. Puyat lang siguro ako...” sinabi na lamang niya. Hindi niya gusto pang pag-usapan ang ina. But seeing and talking to

Adrian that morning definitely lightened up her mood at kahit paano ay nagagawa na rin niyang kalimutan ang nangyari.

“Bakit ka naman napuyat? Hmm, siguro iniisip mo ‘yung crush mo ‘no?”

“Anong crush?! Of course not!” balik ni Cristina na sadyang hindi inaasahan na marinig ang mga salitang iyon mula rito.

“Bakit namumula ‘yang cheeks mo? Come on, you can tell who he is. Magaling akong magtago ng sikreto,” pangungulit pa nito.

“Wala nga akong crush, okay?” tugon niya na biglang bumalik ang sakit na hindi makatingin nang direktso sa binata. Naging komportable na siya rito magbuhat nang magkaroon sila ng activity sa Psychology, and they got to talk and know each other well. But now, talking about crushes made her go back to being awkward with him. *Does he have any clue kaya na siya ang crush ko? Hindi kaya hinuhuli lang niya ako?* nangangamba niyang isip.

Mabuti na lamang at mayroong dumating na isang babaeng senior student na bahagi ng AB Debate Society na nag-announce na

magkakaroon ng debate tryouts. She was able to take her mind off that matter with Adrian. Dati na siyang interesado sa mga debates having enjoyed watching several competitions noong high school pa siya. She had always wanted to join one kaso kahit sufficient naman ang kanyang intellectual ability ay kulang naman ang kanyang lakas ng loob. Dahil sa pagnagusto na ma-improve ang sarili ay naisip niyang magandang pagkakataon ang tryout na iyon para ma-conquer niya ang kanyang pagkamahiyain and lack of courage. Pero noong mga sandaling iyon ay mas nanaig pa rin ang kanyang kawalan ng tiwala sa sarili kaya minabuti niyang kalimutan na lamang ang ideyang iyon hanggang sa marinig niyang i-volunteer ni Adrian ang kanyang pangalan para sa lalahok sa tryouts.

“Ano ka ba, Adrian? Hindi ko kayang sumali d’yan!” nagpa-panic niyang sabi habang ibinababa ang nakaturong kamay nito sa kanya.

“Kaya mo ‘yan. At saka, hindi ba na-mention mo sa Psych activity natin that aside from movies, you love debates? Ito na ‘yung opportunity mo to be a debater!” pumilit nito.

“I love watching debates, hindi mag-participate!” pagtatama niya habang tumitindi ang panic. She was really dreading joining that kind of competition and she did not believe that she could do it well.

“Manood ka man o mag-participate, pareho lang ‘yon. The thing is, you are interested in it,” pag-point out nito. “Kaya sige na, Tin-Tin, sumali ka na. Naniniwala akong kayang-kaya mo ‘to.”

Nag-iba ang pakiramdam ni Cristina. Tulad na lamang nang sabihin nitong maganda siya, may kung anong surge of confidence na nabuo sa kanyang puso, which made her believe in herself as well.

“May I know your name please?” tanong ng babaeng senior student na lumapit sa kanyang kinalulugaran sa likod.

“Uhm... Cristina Castro,” sagot niya na hindi na masyadong nag-isip pa dahil baka mapaatras lamang siya.

“Don’t worry, tatalunin mong lahat ‘yang mga makakalaban mo,” pagbu-boost nito sa kanyang morale habang binibigyan siya ng

reassuring pat sa braso.

Feeling his warm touch on her cold, clammy skin gave her a kind of comfort knowing that there was someone who genuinely believes in her. *Kung naniniwala si Adrian sa'yo, maybe you really have what it takes to be a debater.*

Nang dumating ang lunch time ay kasama muli ni Cristina si Micah na kumain sa canteen. In the few times that they hang out together during their break or at the library, she has come to consider her as a new friend.

Tulad ng madalas mangyari tuwing kumakain sila, sumasalo si Adrian sa kanilang lamesa para magpa-cute kay Micah na hindi naman ito pinapansin. Pero noong tanghaling iyon ay tila nag-iba ang ihip ng hangin at sa kanya nakatuon ang pansin ng binata. “Wow, Tin-Tin, parang iba yata ang itsura mo ngayon. Blooming ka ah,” bati nito habang umuupo sa bakanteng silyang nasa kanyang harapan.

Bago pa magpunta sa canteen ay nag-C.R. muna si Cristina at doon nag-apply ng pressed powder at ng konting blush at lip gloss na

binili nila ni Louise sa mall noong nakaraang araw. Dala na rin ng kanyang motivation na mag-ayos ng sarili, tila naging effective naman iyon at napansin siya ng crush niya.

“Siguro may pinapagandahan ka na ‘no?’” tukso nito. “Bakit ba ayaw mo pa kasing sabihin sa akin, mapagkakatiwalaan mo naman ako. Kahit itanong mo pa dito kay Micah,” pagsali nito sa kanilang kaklase na as usual ay sandwich lamang ang kinakain.

“Naku, huwag kang maniwala d’yan, Tin. Saksakan ng daldalero ang lalaking ‘yan!” napairap na kontra nito.

“Huwag mo nga akong siraan kay Tin-Tin, mamaya maniwala pa sa’yo ‘yan. Best friends pa naman kami n’yan. Hindi ba, Tin, best friends tayo?” tanong nito habang kumukuha ng french fries sa kanyang plato.

Biglang gumuho ang pantasyang nagsisimula pa lamang mamuo sa isipan ni Cristina ukol sa kanila ni Adrian. Para sa isang babaeng malaki ang pagkakagusto sa isang lalaki, iyon na yata ang pinakamasakit na maaari niyang marinig mula sa nagugustuhan. *Kaya pala ganoon na lang ka-special ang trato niya sa akin, ang tingin*

pala niya sa akin best friend, ang dismayado niyang isip.

“O hindi naman sumasagot si Tin-Tin eh, ikaw lang yata ang nag-iisip na best friends kayo eh,” alaska ni Micah.

“Hindi, ah, best friends kami n’yan. Di ba, Tin, sabihin mo nga dito kay Micah,” utos pa nito.

“Okay, best friends daw kami...” tanging nasabi ni Cristina.

“Parang napipilitan lang si Tin-Tin eh,” patuloy pang pang-aasar ni Micah.

“Hindi, best friends talaga kami n’yan. In fact, tomorrow panonoorin ko siya sa tryout niya sa debate to show my support for her. Okay ba sa’yo ‘yon, Tin, or should I say, Bes?” expectant na tanong nito sa kanya.

“Kung hindi naman ako makakaistorbo sa’yo...” kubit-balikat niyang balik; pilit ikinukubli ang tunay na nararamdaman.

“Of course not, kahit kelan hindi ka magiging istorbo sa akin,” panigurado ni Adrian sabay paalam dahil ime-meet pa niya ang coach ng basketball varsity team kung saan ito bahagi.

“Promise, I’ll be there tomorrow for your debate tryouts,” ulit nito bago tuluyang lumisan.

“Tin, umamin ka nga sa akin, may gusto ka ba kay Adrian?” diretsahang tanong ni Micah nang makaalis na ang kanilang kaklase.

“Of course not! Wala akong gusto sa kanya,” defensive niyang tanggi kaagad.

But Micah could see through her. “Oh come on, Tin. Akala mo ba hindi kita napapansin? Ibang-iba ka when he’s around, bigla kang nananahimik, nahihiya, namumula, hindi halos makatingin sa kanya. Hindi ba signs na iyon ng nagkakagusto?”

“Do you think napapansin rin niya ‘yon?” tanong niya na biglang binalot ng matinding pangamba. Biggest nightmare niya na madiskubre ng kanyang crush mismo na siya ay may gusto rito.

“Hindi ko lang alam. Minsan kasi, mahirap basahin ang lalaking ‘yan eh,” sagot nito. “Pero ito lang ang advice ko sa’yo, ingat ka d’yan kay Adrian dahil pabling ‘yan. Huwag mong masyadong seseryosohin kung nagiging sweet man siya sa’yo. He can be like that to so many

other girls. Sakyang mo na lang pero huwag mong bibigyan ng ibig sabihin.” babala pa nito sa kanya.

At ngayon, mas nadagdagan pa ang dismayang nararamdaman ng dalaga. *So ang ibig sabihin, hindi naman pala talaga ako special sa kanya. Kung paano niya ako tratuhin ay malamang ganoon din niya tratuhin ang iba pang babaeng bulag na nahuhulog sa charms niya...*

Kinabukasan, sa tryout para sa debate team ay tila naglaho na ang enthusiasm na kahapon lamang ay buhay na buhay kay Cristina. Malaki kasi ang naging epekto sa kanya ng natuklasan ukol sa tunay na pagkatao ni Adrian. All the while, she thought she had found someone who was genuinely caring for her pero nagkamali pala siya.

“Tin-Tin!”

Sa gitna ng kanyang paghahanda para sa topic na ibinigay sa kanila ay may narinig siyang tinig ng isang lalaking tumatawag sa kanyang pangalan. Paglingon niya sa gilid ng stage ng auditorium kung saan magaganap ang

tryouts ay nakita niya si Adrian.

Binalot siya ng pagkasorpresa dahil hindi niya inaasahan na tutuparin nito ang pangakong binitiwang. As she was approaching where he was standing ay tila unti-unting nabubura ang babalang ibinigay sa kanya ni Micah ukol sa kaklase. She began to rationalize everything. *Baka naman he is not really as bad as she thinks he is. Siguro totoo naman itong ipinapakita niyang pagsuporta sa akin after all he would not make an effort para puntahan pa ako rito kung hindi naman talaga siya sincere sa akin.*

“You really came...” naiilang niyang sabi nang makalapit dito.

“I made a promise to you yesterday, di ba? Hindi naman ako ang tipo ng lalaki na hindi tumutupad sa mga pangako ko,” turan nito sabay may kinuhang rosaryo sa loob ng bulsa at ibinigay sa kanya.

“What is this? Bakit ibinibigay ito sa akin?” nagtatakang tanong.

“It’s a rosary given to me by my mom, that I always bring with me wherever I go. I want you to have it, it will help you a lot in your

debate later...”

Mas lalo pang nadagdagan ang rason ni Cristina para paniwalaan ang sinseridad ng binata hanggang sa tuluyan nang maglaho ang babalang ibinigay sa kanya ng kaibigan ukol dito. And just like that, kumawala mula sa kanyang kalooban ang kilig na sinumpa niyang kokontrolin na niya. *Kahit best friend lang ang tingin sa akin nito, wala na akong pakialam.*

“Thanks,” tangi niyang tugon hanggang sa tawagin na siya ng presidente ng Debate Society para maghanda na sa kanilang tryout. Walking back towards her place on the stage while clutching his rosary on her palm, pakiramdam ni Cristina ay siya na ang pinakamagaling na debater sa buong mundo. With Adrian’s full support, she felt like she could beat any opponent that would throw at her.

“Congratulations, Tin-Tin!”

Walang humpay na papuri ang natanggap ni Cristina matapos siyang makapasok sa Debate Society na kilala sa pagiging matinik pagdating sa pagse-screen ng kanilang mga aspiring

debaters. Masasabi niyang malaki talaga ang nagawa ng pagpapakita ni Adrian sa kanya sa simula ng debate at pagpapahiram nito ng sariling rosary para ma-boost ang kanyang morale at maibalik ang enthusiasm at courage na kanina ay wala sa kanya.

“Sabi ko sa’yo eh, you can do it!” masayang-masayang nasabi ni Adrian na huli niyang nilapitan matapos makamayan ang iba pa nilang mga kaklase.

“Thank you so much, malaki ang contribution mo sa pagiging bahagi ko sa Debate Society na ito. If you didn’t push me hard enough and believed in me, I wouldn’t be here.” Itinatala niya ang experience bilang isa sa pinakahindi niya malilimutan sa kanyang buhay. “By the way, ibibigay ko na ito ulit sa’yo.” Inabot niya rito ang rosary. “Malaki ang naitulong niyan at nagkaroon ako ng divine intervention.”

“Maybe you should keep it. Mas kakailanganin mo ‘yan kaysa sa akin, lalo na ngayon at magiging bahagi ka na ng Debate Society. Sigurado maraming competitions kang sasalihan...”

“Ha?! Pero hindi ko puwedeng tanggapin ito, bigay ito sa’yo ng mommy mo, di ba? Special

ito para sa'yo," pag-aalangan niya.

But Adrian placed the rosary on her palm and trapped it there. "Keep it, I insist," sabi nito na hindi pa rin binibitiwan ang kanyang kamay.

Biglang nanigas ang buong katawan ni Cristina. She stood there frozen unable to find the right words to say.

"Uy! Ano 'yan? Bakit may pa-holding-holding hands pa kayo d'yan?!" tukso ni JC nang biglang lumapit ito sa kanilang kinatatayuan. Biglang binitiwang ni Adrian sa kanyang kamay.

"Ang sweet naman. Mukhang may nangyayari rito na hindi namin nalalaman ah," panggagatong pa ni Ryan na kasama rin ni JC nang lumapit sa kanila.

"Puro na naman kayo kalokohan, eh!" napakamot na nasabi nito saka naghandang magpaalam sa dalaga. "Sige, Tin-Tin, we'll go ahead pero gusto sana kita i-invite sa birthday ko this Saturday. Gaganapin iyon sa bahay ko. It will be a swimming party so bring your swimsuit..."

Swimsuit?! Swimming party?! Oh, no! naalarna

The Last Time I'll Fall by Kimmi Gonzales

niyang isip. If it had been any simple party, walang dudang pupunta siya, but since kailangan niyang magsuot ng swimsuit ay bigla siyang nag-alinlangan. “Uhm... Tingnan ko, pero... baka may pupuntahan kasi kami ng family ko this Saturday, eh...” alibi niya.

“Basta ha, I’ll be expecting you in my party, the whole class will be there.” With that, nagpaalam ito at umalis kasama ang mga kaibigan.

Gusto man niyang pumunta, she felt that it would be a shame to show around her overweight body in a swimsuit. Lalo na at karamihan sa kanyang mga kaklaseng babae ay slim. *Ano na ang gagawin ko ngayon? Thursday na, kahit hindi ako kumain mula ngayon hanggang Sabado, it would still not give me a body that would look good in a swimsuit! Paano ba ito?*

3

Saturday, ang araw ng party ni Adrian. Umaga pa lang, hindi na mapakali si Cristina. Magbuhat pa ng Thursday nang siya ay sinabihan nito ng tungkol sa celebration na gaganapin sa bahay nito ay hindi na matahimik ang dalaga. There were times when she decided that she would go but when matters about her body occur to her, bigla na lamang niyang naiisip na mas mabuti pa sigurong huwag na lamang pumunta at baka maging laughingstock lamang siya ng mga bisita roon.

Weighing herself on her portable weighing scale, nakakuha siya ng resultang 145 pounds. Five pounds ang nawala sa kanya pero hindi pa rin iyon sapat para makapagsuot siya ng swimsuit lalo na at nalaman niyang one inch lamang ang iniliit ng kanyang waistline.

Gayunpaman, inilabas pa rin niya ang itinatagong swimsuit na dalawang taon na magbuhat nang kanyang huling isuot. It was a black, two-piece tankini and boy-cut bottoms na kanyang ginamit noong nasa 130 pounds pa lamang ang kanyang timbang.

“Don’t tell me you’re planning to actually wear that?” may pangmamatang sinabi ng kanyang Ate Rissa na hindi niya namalayang nakapasok na pala sa loob ng kanyang kuwarto sa gitna ng kanyang pagtingin sa sarili sa harap ng salamin habang ipinapatong ang swimsuit sa katawan. “Tankinis are way out of fashion now, my dear,” inform nito sa kanya, speaking in that highly critical, fashion expert manner.

“Ano ba’ng kailangan mo?” matabang na tanong ni Cristina na inilapag na ang swimsuit sa kama. Nahihiya siya dahil nakita siya ng kanyang gorgeous sister sa ganoon pang klase ng sitwasyon.

“I need to read a book kasi for my book report, do you have anything that I can borrow?” paglalabas na nito ng pakay. Hindi talaga ito lumalapit sa kanya unless may kailangan. “Yung manipis lang ha, kasi I don’t have much time to read. May date pa kami ni Mickey tonight, eh...”

Going through her precious book collection na nakalagay sa loob ng isang cabinet sa sulok ng kuwarto, pinili niya ang pinakasimple at pinakamaikling nobela na maaaring pumatok

sa panlasa ng kapatid.

“Okay, thanks.” Nagsimula na nitong tunguhin ang direksyon ng pintuan nang muling lumingon sa kanya. “Marami sana akong swimsuits na puwedeng ipahiram sa’yo, kaso I don’t think it would fit on your body...” ang huling sinabi nito bago tuluyang lumabas ng kanyang silid.

“Bitch!” nanggigil na nasabi ni Cristina na kinontrol lamang ang sarili dahil kung hindi ay baka hinabol na niya ang kapatid at kinalbo sa labis na pagkaasar at galit na nararamdaman. “Makikita n’yo, may araw rin kayo!” sumpa niya.

As she miserably plopped herself on her bed, she decided that she would no longer be going to Adrian’s party. Sa gitna ng patuloy na pagbaba ng kanyang self-esteem ay bigla namang nag-ring ang kanyang cellphone at doon na siya nakaramdam ng panic nang makita ang ‘*Adrian calling*’ sa screen.

Sasagutin ko ba ito o hindi? Pagdadalawang-isip niya hanggang sa magdesisyong sagutin na rin iyon. Sa pagkakakilala niya sa ugali ng kaklase, siguradong hindi rin siya nito titigilan

sa pangungulit.

“Hello?”

“Oh, don’t tell me hindi ka pupunta sa party ko ngayon,” bungad nito.

“Uhm... kasi may... may—”

“I won’t be taking any excuses,” singit nito na hindi na siya binigyan ng pagkakataon na makaisip pa ng kung anong alibi. “Please minsan lang naman ako mag-birthday, pagbigyan mo na ako...”

Habang humihiling ang binata ay bumalik sa kanya ang ginawa nitong page-effort na pumunta pa mismo sa debate tryout para ipakita lamang ang pagsuporta sa kanya. That’s when the guilt began to get to her. “Okay... okay, sige. I’ll be there...” napilitan na rin niyang ipangako sa pagnagusto na hindi ito biguin.

“Alright!” naibulalas ni Adrian sa kabilang linya na mababatid ang kasiyahan sa pagpayag ng dalaga. “I’ll text you the address of my house. This really means a lot to me, Tin... Thanks.”

Nang matapos ang kanilang usapan ay

The Last Time I'll Fall by Kimmi Gonzales

tuluyan nang natabunan ang galit na kanina lamang ay bumabalot kay Cristina laban sa kanyang ate. Hearing Adrian's voice totally uplifted her mood. *Ano ba talagang meron ang lalaking 'to at ganito na lang kalakas ang dating niya sa akin?*

After taking a quick trip to the mall—to purchase a gift for Adrian and to look for a more appropriate swimsuit for her body type—she arrived at the Mendoza's sprawling mansion in Greenhills and she was totally in awe of what she saw. Pagpasok pa lamang niya ng gate ay sinalubong na kaagad siya ng grandiosong fountain sa gitna ng malawak na bakuran kung saan ay nakatayo ang isang huge, canary yellow Mediterranean-inspired mansion.

“Hey, Tin!” pagsalubong sa kanya ng birthday celebrant na lumabas mula sa loob ng malaking bahay nito. He was wearing nothing but his board shorts.

Seeing that amazing body with washboard abs, pumasok sa kanyang isipan ang mga surfers na kanyang nakita noon sa California

nang magbakasyon sila ng pamilya doon almost three years ago. “Hi, happy birthday,” kiming bati niya na kinailangang disiplinahin ang mga matang hindi maiwasang maligaw sa yummy nitong pangangatawan. “By the way, this is for you.” Inabot niya ang librong binili na may titulong *The Purpose Driven Life* na sa tingin niya ay nararapat para rito.

“Oh, you shouldn’t have bothered but thank you,” polite na pagtanggap nito. “Tara, let’s go inside. Kanina pa nandoon ‘yung ibang classmates natin,” aya nito habang nakaakbay sa kanyang balikat.

At tulad ng madalas mangyari sa tuwing sila ay magkakaroon ng kahit slight physical contact, nagsimula na naman siyang makaramdam ng paninigas ng katawan. She struggled to walk the long path which leads to the pool area kung saan ay nagaganap ang party nito.

Kelan ko kaya magagawang tuluyang mag-relax kapag kasama ko ang lalaking ‘to?

“Hey, guys, look who’s here,” presenta nito sa kanya sa harap ng kanilang mga kaklaseng nagsisitampisaw na sa malaking swimming pool.

“Akala ko, Tin-Tin, hindi ka pupunta,” komento ni Micah na nasa tubig na, wearing a white skimpy two-piece swimsuit.

“Siyempre hindi yata ako matitiis nitong si Tin,” pagmamalaki ni Adrian.

“Tin, bihis ka na. Join us here,” aya ni Faith, isa pa sa kanyang mga kaklaseng nagiging kalapit na rin niya.

Matapos ituro ni Adrian kung saan ang bathroom ay doon na siya pinasukan ng matinding kaba, lalo na nang maisuot na ang biniling grey tankini na pinartneran na lamang niya ng board shorts. Although alam niyang baduy ang kanyang suot kumpara sa mga naka-bikining kaklase ay mas mabuti na rin iyon, kaysa naman pilitin niyang magsuot ng uso kaso hindi naman siya komportable.

Paglabas niya ng bathroom at nagtungo sa party area ay natuon ang atensyon ng lahat sa kanya na mas lalo pa niyang ikinahiya.

“Tin, hindi ka naman pala mataba eh, matangkad ka kaya well-distributed ang fats mo,” komento ni Micah habang pababa siya ng swimming pool.

Pero hindi pa rin niyon nagawang ma-increase ang self-esteem ni Cristina na ang pakiramdam ay hindi pa rin siya belong sa mga nagliliitan at nagseseksihang mga classmates. “Pero malaki pa rin akong tignan,” balik niya habang lumulusong sa tubig para maitago na ang ikinahihiyang katawan.

“Pero kung papayat ka, wow, you would look like a beauty queen. Maganda ang bone structure mo eh...”

Hindi malaman ng dalaga kung sinasabi lang ba iyon ni Micah dahil magkaibigan sila at gusto nitong pagandahin ang kanyang pakiramdam. “Bakit hindi mo nga pala kasama ang boyfriend mo?” tanong niya na gusto nang alisin ang paksa sa kanya.

“Busy eh. Hindi maiwanan ang pagre-review niya,” tugon nito ukol sa nobyong law student. “Lakas talaga ni Adrian sa’yo ‘no? Napapunta ka pa rin talaga niya dito kahit wala kang balak,” may panunuksong anito.

“Gusto ko lang namang tumanaw ng utang na loob after all the support na ibinigay niya sa akin doon sa tryout ko sa debate,” safe na paliwanag niya.

“Ang sabihin mo, talagang nahuhulog ka na sa kanya,” pagdiin pa ni Micah.

“Ano ka ba, huwag ka ngang maingay. Baka may makarinig sa’yo!” napapraning na babala niya dahil hindi niya gustong madiskubre ng iba ang tungkol sa pagkakagusto sa kaklase.

Habang patuloy na nagkukuwentuhan ang dalawa ay may tatlong babae na parang mga modelo ang itsura ang nagsidating at binati’t hinalikan si Adrian sa pisngi.

“Hindi ba ‘yan ‘yung model na si Bianca Rivas?” tanong ng isa sa kanilang mga kaklase na si Luchie nang lumapit ito sa kanilang puwesto malapit sa hagdan para tingnan nang maigi ang mga bagong dating na bisita.

“Ah ‘yan pala ‘yung binibida ni Adrian na naka-date niya noong isang beses. Nakilala niya ‘yan nang mag-pose iyan for the cover ng magazine nila,” inform sa kanila ni Denver na lumapit na rin.

“May magazine sila Adrian?” nasorpresang tanong ni Cristina na hindi alam ang tungkol sa bagay na iyon.

“Oo. Bakit hindi mo ba alam ang pamilya

niya ang may-ari ng *Chic and Fab Magazine*.” Si Luchie.

“Oh, I see...” tanging nasabi niya habang patuloy na pinagmamasdan si Adrian at ang modelo na halos hindi na mapaghiwalay ang mga katawan.

Umiwas na rin siya ng tingin sa mga ito nang makaramdam ng kirot sa dibdib.

“Okay ka lang ba, Tin?” concerned na tanong ni Micah nang lumayo siya mula sa nakaumpok na kaklase sa hagdan at pumuwesto sa sulok ng pool.

“Oo naman,” panigurado niya; sinubukan pa niyang ngumiti. “Ngayon, napatunayan ko na ‘yung sinabi mo na chickboy nga siya. God knows kung gaano ko pinigil ang sarili ko but I really couldn’t help but fall for him...” pagtatapat niya habang pinipigilan ang pagdaloy ng luha.

“Kalimutan mo na lang siya, there will be some other guy who will be worthy of your affection,” pagco-comfort sa kanya ni Micah.

Sana nga ganoon lang kadali ‘yon, isip ni Cristina. Paano ko ba magagawang kalimutan ang

lalaking ito na araw-araw kong makikita sa klase?

Nang makalabas sa comfort room ay biglang natigil sa paglakad si Cristina nang marinig ang pangalan sa conversation nina JC, Ryan, at Adrian sa bar na malapit lamang sa kanyang kinatatayuan.

“O, pare, hinay-hinay lang sa pagiging sweet mo kay Bianca baka magselos ‘yung girlfriend mong si Tin-Tin!” kantiyaw ni JC.

“Anong girlfriend?! Okay ka lang? Nakita mo ba ang katawan n’on? Mas mukhang lalaki pang tignan sa akin ‘yon, eh!”

Cristina was so shocked she could not believe that she was hearing those words from Adrian.

“Oo nga. Imagine mo na lang, kapag nagse-sex kayo ‘no? Ganoon kalaki ang nasa ibabaw mo. Shit, pisat ka!” panggagatong pa ni Ryan na nagbunsod ng malakas na tawanan sa tatlo.

Sa dinami-rami ng panlalait na naranasan ni Cristina sa buhay, iyon na yata ang pinakamasakit sa lahat. Tumakbo siya pabalik sa bathroom, nagkulong saka ibinuhos ang sama ng loob.

The Last Time I'll Fall by Kimmi Gonzales

Napakasama mo, Adrian! Hindi ko akalain na ganyang klase ka pala ng tao. I thought you were different from those other cruel guys, pero mas masahol ka pa pala sa kanila. Pinagsisisihan kong nagkagusto ako sa isang katulad mo. Wala kang kuwenta, Adrian!

“One more shot, please!” request ng lasing nang si Cristina matapos tumbahin ang isang shot glass ng tequila.

“Akala ko kung sinong santa ‘tong si Tin-Tin, eh, tumador din pala!” natatawang sabi ni Denver na pinagbigyan ang kanyang hiling at muling iniabot ang isinalin nitong tequila.

Kukuhanin na sana iyon ni Cristina nang biglang harangin ni Micah. “Tama na. Marami ka nang naiinom, Tin,” nag-aalalang pagbabawal nito sa kanya.

“Pabayaang mo nga lang ako, Micah. I’m having fun!” aniya. “Wait, I’m just going to pee pero pagbalik ko, Denver, please prepare my shot!”

Matapos mariing tanggihan ang pag-aalok ni Micah na siya ay samahan papunta sa comfort

room ay halos pagewang-gewang na naglakad ang dalaga nang biglang makasalubong niya si Adrian.

“O, Tin, mukhang marami ka nang nainom, ah. Okay ka lang ba?” tanong nito. Inabot nito ang balikat niya para ituwid ang tayo niya.

Pero pumiglas ang dalaga. “Will you stop acting concerned! Hindi bagay sa’yo!” asik niya, saka hinawi ito at nagsimulang maglakad palayo. Unfortunately, she missed her step and fell on the adjacent pool.

“Tin-Tin!” sigaw ng lahat nang biglang mapadive si Adrian sa tubig para sagipin ito.

“Are you okay?” nag-aalalang tanong ng binata matapos siyang maihahon mula sa pagkakalubog sa six feet na lalim ng tubig.

With Adrian’s arms keeping her afloat she began to cough off the water that she had ingested.

“I think you should take a rest first. May guest room sa taas, I’ll take you there,” alok nito matapos silang tuluyang makaahon sa pool.

“I’m okay,” mariing sambit ni Cristina habang

hinihila ang kamay mula sa pagkakahawak ng binata. Tinungo niya ang comfort room.

Dahil sa pagkakahulog sa tubig, kahit paano ay nagising ang kanyang diwa mula sa kaninang kalasingan. At ngayon ay unti-unti na siyang pinapasukan ng kahihyan para sa pagkakalat na ginagawa. *Ano ba 'tong ginagawa mo, Cristina? Bakit mo ba sinisira ang sarili mo para sa isang walang kuwentang tao?*

Nang dumating ang oras ng pag-uwi ng mga bisita ay nag-alok si Adrian kay Cristina na ito na lamang ang maghahatid sa kanya sa kanilang bahay.

“No, thank you. Makikisabay na lang ako kina Denver,” matigas niyang tanggi habang nararamdaman ang pagsakit ng ulo dulot ng maraming alak na nainom.

“Tin, may nagawa ba ako sa’yo?” tanong ng binata. “Kasi pakiramdam ko, galit ka sa akin.”

“Bakit hindi mo tanungin ang sarili mo?” she snapped at him. “At saka pakiusap lang, Adrian, stop being nice to me if you don’t really mean it.” Kumuha ng atensyon ng mga

kaklaseng nakapaligid sa kanila ang huling sinabi niya.

As Cristina was walking out of Adrian's mansion, sumumpa siya sa sarili na hinding-hindi na muling magpapadala pa sa mga pagpapa-charming at pambobola nito at kakalimutan na ang pagkakagusto sa binata. And with such tremendous anger for him, nagkaroon siya ng kumpiyansa na kaya niyang gawin iyon.

Pagkauwi sa bahay, walang ginusto si Cristina kundi ang makahiga sa kanyang kama at itulog ang masamang karanasang iyon na sinapit sa tahanan ni Adrian.

“Ang tagal naman magbukas ng mga tao rito, nasaan na ba sila?” may pagkairitado niyang nasabi na ilang sandali na ring nakatayo sa tapat ng kanilang gate at naghihintay na may magbukas sa kanya.

“Tin, mabuti dumating ka na,” salubong naman sa kanya ng kanilang katulong na si Manang Eva nang pagbuksan siya nito.

“Bakit po, Manang? Ano po'ng nangyari?”

The Last Time I'll Fall by Kimmi Gonzales

biglang nag-alalang tanong niya nang makita ang expression sa mukha nito na tila natataranta at takot na takot.

“Ang daddy mo, nasa ospital ngayon. Naaksidente siya, hija!”

“Kumusta na po si Daddy? Nasaan na po siya?” alalang-alalang tanong ni Cristina nang mapasugod siya sa ospital matapos malaman mula sa katulong ang sinapit ng pinakamamahal na ama.

“Saan ka ba nagpunta? Kanina ka pa namin tinatawagan, but we couldn't reach you. Nag-aagaw-buhay na ang ama mo, kung saan-saan ka pa nagsususuot!” galit na salubong sa kanya ng umiiyak na ina nang madatnan niya ito sa emergency room kasama ang kanyang mga kapatid at kanilang mga tito at tita.

“I'm sorry, Mom. Naubusan po kasi ng battery 'yung cellphone ko,” paliwanag niya.

“Your dad's inside now, he's being attended to by the doctors,” paliwanag ng Tita Sandra niya na siyang nakaalalay sa kanyang tensyonadong ina.

The Last Time I'll Fall by Kimmi Gonzales

Ilang sandali pa ay lumabas na ang doktor na tumingin kay Atty. Johnny Castro, bearing a sad look on his face.

“Doc, kumusta na ang asawa ko?” Nagsimula nang mag-panic si Mrs. Celestina Castro nang lapitan ito.

“I’m sorry, Ma’am, but your husband did not survive. There was way too much damage to his body. We tried everything we could... I’m sorry,” pahayag nito.

At doon na nagsiiyakan ang mga mahal sa buhay ng abogado na pawang hindi makapaniwala sa biglaang pagyao ng kanilang pinakamamahal. But among them, the one who harbored the most pain was Cristina. She felt as if her entire world had died with her father.